




- **Mga madalas na katanungan tungkol sa bisa at pagpapalawig ng pahintulot sa paninirahan at pananatili sa Espanya na nasa ilalim ng State of Alarm dahil sa COVID-19 ***
- **Mga madalas na katanungan tungkol sa mga application para sa International Protection sa panahon ng State of Alarm dahil sa COVID-19**
- **Mga madalas na katanungan tungkol sa mga application para sa Extranjería sa panahon ng State of Alarm dahil sa COVID-19 na may kaugnayan sa pangatlong karagdagang probisyon tungkol sa pagsuspende ng limitasyon sa oras ng administrasyon**
- **Mga madalas na katanungan tungkol sa application para sa Informes de Extranjeria na galing sa Generalitat de Catalunya sa panahon ng State of Alarm dahil sa COVID-19**





Mga madalas na katanungan tungkol sa bisa at pagpapalawig ng pahintulot sa paninirahan at pananatili sa Espanya na nasa ilalim ng State of Alarm dahil sa COVID-19 *



**Ajuntament
de Barcelona**

**Departamento ng mga Serbisyo sa Pandarayuhan at Panganganlong
Departamento para sa mga Karapatang Panluipunan, Pandaigdigang Hustisya,
mga Feminismo at LGTB
barcelona.cat/novaciudadania
Orientation and Accompaniment Services for Immigrant People – SOAPI**

Mga madalas na katanungan tungkol sa bisa at pagpapalawig ng pahintulot sa paninirahan at pananatili sa Espanya na nasa ilalim ng State of Alarm dahil sa COVID-19 *

Ayon sa impormasyon ng Ministerio de Sanidad orden SND/421/2020 ng ika-18 ng Mayo 2020.

→ [Basahin ang komunikasyon dito](#)

Ang panukalang ito ay naglalayong bigyang wakas ang kawalan ng katiyakang ligal na ibinibigay ng kasalukuyang sitwasyon hindi lamang sa mga dayuhan na naninirahan at nagtatrabaho sa Espanya, pati na rin mga kawani ng lipunan at pang-ekonomiya, sa panahon ng state of alarm.

Ang Orientation and Accompaniment Services for Immigrant People (SOAPI) ay gumawa ng isang dokumento na nagbibigay impormasyon tungkol sa kasalukuyang sitwasyon mula sa mga komunikasyon ng Ministeryo ng Kalusugan.

01.

Ano ang mangyayari kung ang aking pahintulot sa pansamantalang paninirahan at/o sa trabaho (temporary residence o work permit) ay mawalang bisa sa panahon ng state of alarm o nawalang bisa sa loob ng 90 araw bago naghayag ng state of alarm?

Ang pahintulot ay awtomatikong pinahaba. Walang pagsasaayos ng dokumento na dapat gawin at hindi rin ipagbibigay-alam sa paraang paisa-isa. Ang pagpapahaba o pagpapalawig na ito ay magsisimula sa araw pagkatapos mawalang bisa ang pahintulot at may bisa hanggang anim na buwan matapos ang state of alarm.

02.

Ano ang mangyayari kung ang aking pahintulot na manatili para mag-araal, student mobility, mga pagsasanay na hindi itinuturing na trabaho o serbisyong pamboluntaryo ay mawalang bisa sa panahon ng state of alarm o nawalang bisa sa loob ng 90 araw bago naghayag ng state of alarm?

Ang pahintulot ay awtomatikong pinahaba. Walang pagsasaayos ng dokumento na dapat gawin at hindi rin ipagbibigay-alam sa paraang paisa-isa. Ang pagpapahaba o pagpapalawig na ito ay magsisimula sa araw pagkatapos mawalang bisa ang pahintulot at may bisa hanggang anim na buwan matapos ang state of alarm.

Babala: Ang pagpapahaba na ito ay hindi mailalapat sa mga pagsasanay na may kaugnayan sa larangan ng Ciencias de la Salud (o Agham ng Kalusugan) na pinapamahalaan ng Artikulo 30 ng Real Decreto 183/2008.

(*) Ang dokumento na ito ay inihanda noong 05/22/2020. Ang impormasyong inilathala sa dokumentong ito ay maaaring magkaroon ng mga pagbabago sa hinaharap sa ilalim ng mga komunikasyon mula sa Ministeryo.

03. Ano ang mangyayari kung mawalang bisa ang aking EU citizen family card (o tarjeta de familiar de comunitario) sa panahon ng state of alarm o nawalang bisa sa loob ng 90 araw bago naghayag ng state of alarm?

Ang bisa ng tarjeta o kard ay awtomatikong pinahaba. Walang pagsasaayos ng dokumento na dapat gawin at hindi rin ipagbibigay-alam sa paraang paisa-isa. Ang kard ay nananatiling may bisa habang may state of alarm at hanggang anim na buwan matapos ang state of alarm.

04. Ano ang mangyayari kung ang aking long-term residence permit (o tarjeta de residencia de larga duración) ay mawalang bisa sa panahon ng state of alarm o nawalang bisa sa loob ng 90 araw bago naghayag ng state of alarm?

Ang bisa ng tarjeta o kard ay awtomatikong pinahaba. Walang pagsasaayos ng dokumento na dapat gawin at hindi rin ipagbibigay-alam sa paraang paisa-isa. Ang kard ay nananatiling may bisa habang may state of alarm at hanggang anim na buwan matapos ang state of alarm.

05. Ano ang mangyayari sa aking residence o stay permit (o autorización de residencia o estancia) kung nagpasa ako ng application para sa renewal, extension o modification bago ang pagkakaroon ng bisa ng nabanggit na utos (ika-20 ng Mayo 2020) at hanggang ngayon ay wala pa ring kapasyahan o resolusyon?

Ang pahintulot na mayroon ka bago ipinasa ang application ay awtomatikong pinahaba hangga't ang application ay wala pang kapasyahan o resolusyon. Ang pagpapahaba na ito ay magsisimula sa araw pagkatapos mawalang bisa ang pahintulot at tatagal hanggang anim na buwan matapos ang state of alarm. Kung sa panahon ng pagpapahaba na ito ay nagkaroon ng resolusyon ang application at ito ay sinang-ayunan (o favorable), ang pagpapahaba na ito ay mawawalan ng halaga o epekto.

06. Sa pamamagitan ng pagpapahaba (o extension) na ito, ano ang mga bagong deadline para sa pagpapasa ng renewal o modification ng aking residence o temporary stay permit?

Maaari kang magpasa ng application sa renewal o modification anumang oras sa panahon ng pagpapalawig (o extension) at hanggang sa loob ng 90 araw pagkatapos mawalan ito ng bisa.

07. Ano ang mangyayari kung dumating ako sa Espanya gamit ang isang visa para sa loob ng 90 araw at nag-expire ito sa panahon ng state of alarm?

Kung nag-expire ito sa panahon ng state of alarm, ang bisa nito ay awtomatikong pahahabain ng 3 buwan ngunit maaring gamitin para lamang sa mga lugar na nasa teritoryo ng Espanya.

(*) Ang dokumento na ito ay inihanda noong 05/22/2020. Ang impormasyong inilathala sa dokumentong ito ay maaaring magkaroon ng mga pagbabago sa hinaharap sa ilalim ng mga komunikasyon mula sa Ministry.

08. Anong ang mangyayari kung mayroon akong long-term visa (Youth Mobility agreement o student visa na may haba na 180 araw) at nag-expire ito sa panahon ng state of alarm?

Pahahabain ang bisa nito ng 3 buwan mula sa pagtatapos ng state of alarm hangga't ikaw ay nasa Espanya at hindi ka pa nakakabalik sa iyong bansang pinagmulan.

09. Kung nasa labas ako ng teritoryo ng Espanya at hindi ako maaaring bumalik dahil sa COVID-19, ang pagkawala ko ba na ito ay maaaring maging sagabal kapag kailangan ko nang mag-apply ng renewal ng aking permit o kard?

Hindi. Ang panahon na hindi ka nakabalik dahil sa COVID-19 ay hindi bibilangin bilang isang pagkawala para sa pagpapatunay ng patuloy na paninirahan.

10. Ano ang mangyayari kung mayroon akong isa sa mga sumusunod na dokumento at nag-expire ito sa panahon ng state of alarm at ako ay nasa ibang bansa?

- a. temporary residence or stay permit,**
- b. EU citizen family card,**
- c. long-term residence permit,**
- d. long-term visa para sa mga investor at negosyante**

Maaari ka pa ring pumasok ng Espanya gamit ang wastong dokumento sa paglalakbay na kasalukuyang may bisa (o hindi expired) at ang nag-expire na tarjeta de identidad de extranjero o ang nag-expire na visa.

() Ang dokumento na ito ay inihanda noong 05/22/2020. Ang impormasyong inilathala sa dokumentong ito ay maaaring magkaroon ng mga pagbabago sa hinaharap sa ilalim ng mga komunikasyon mula sa Ministeryo.*

Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan sa:

Orientation and Accompaniment Services for Immigrant People – SOAPI

→ [+ info](#)

Ciutat Vella

608 746 150

acollida1@bcn.cat

Eixample

663 074 852

acollida2@bcn.cat

Sants-Montjuïc

625 177 743

acollida3@bcn.cat

Les Corts

663 074 852

acollida2@bcn.cat

Sarrià-Sant Gervasi

625 177 743

acollida3@bcn.cat

Gràcia

625 177 748

acollida6@bcn.cat

Horta-Guinardó

663 137 738

acollida4@bcn.cat

Nou Barris

676 105 222

acollida7@bcn.cat

Sant Andreu

633 334 258

acollida8@bcn.cat

Sant Martí

648 191 666

acollida5@bcn.cat

Suport SOAPI

695 152 724

suportsoapi@bcn.cat

Ang SOAPI ay isang serbisyo ng Ajuntament de Barcelona na may kinalalaman sa pagtanggap at pagsama sa mga imigrantes. Nagbibigay ito ng impormasyon, gabay, suporta at payo tungkol sa kaalaman sa kapaligiran, pagrehistro, pagkakaroon ng health card, pag-aaral ng wika, mga proseso ng imigrasyon, karapatan at tungkulin, kapisanan, paglilibang at kultura at iba pang mga bagay.

Mga iba pang serbisyo ng Ajuntament de Barcelona:

- Servei d'Atenció als Immigrants, Emigrants i Refugiats (SAIER).
[+info](#)
- Acompanyament al Reagrupament familiar. Programa Municipal Noves Famílies a Barcelona
[+ info](#)
- Punt d'Informació d'Arrelament (PIA).
[+ info](#)



Mga madalas na katanungan tungkol sa mga application para sa International Protection sa panahon ng State of Alarm dahil sa COVID-19



**Ajuntament
de Barcelona**

**Departamento ng mga Serbisyo sa Pandarayuhan at Panganganlong
Departamento para sa mga Karapatang Panluipunan, Pandaigdigang Hustisya,
mga Feminismo at LGTB
barcelona.cat/novaciudadania
Orientation and Accompaniment Services for Immigrant People – SOAPI**

Mga madalas na katanungan tungkol sa mga application para sa International Protection sa panahon ng State of Alarm dahil sa COVID-19

Ayon sa impormasyon mula sa Ministerio del Interior tungkol sa saklaw ng REAL DECRETO 463/2020, IKA 14 NG MARSO na may kaugnayan sa International Protection.

→ [Basahin ang komunikasyon dito](#)

Ang sitwasyon ng state of alarm dahil sa COVID-19 ay nagiging isang hadlang sa pag-aayos ng mga dokumentong pansarili at humantong sa mga pagbabago sa proseso ng sistema ng international protection. Ang Servicio de Orientación y Acompañamiento para Personas Inmigradas (SOAPI) ay gumawa ng buod ng mga komunikasyon mula sa Ministerio del Interior para sa panahong ito.

01. **Maari ko bang simulan ang isang application para sa international protection sa panahon ng state of alarm?**

Hindi maaring gawin ang application dahil kinakailangan ang presensya personal. Ang pagtanggap ng mga application ay magpapatuloy kapag natapos na ang state of alarm.

02. **Maari ba akong pauwiin ng pulisya sa aking bansa sa panahon ng state of alarm kung nais kong simulan ang application para sa international protection?**

Ang alituntunin na hindi pagpapauwi ay sinisiguro para sa mga taong nag-nanais na mag-apply para sa international protection sa panahong ito at para sa mga hindi nakapag-apply dahil sa state of alarm.

03. **Ano ang mangyayari kung mayroon akong appointment upang gawing formal ang aking application (interview sa Policia Nacional) o para ma-renew ang aking dokumentasyon sa panahon ng state of alarm?**

Kanselado ang lahat ng appointment at kapag bumalik na sa normal ang sitwasyon, ang mga ito ay muling itatalaga. Ilalathala ang mga kaukulang impormasyon sa pahinang [ito](#).

04. **Kung ako ay may mga supporting document na nagpapahayag na bukas sa aking kalooban na mag-apply ng international protection; o resibo (o katunayan) ng application sa international protection (puting resibo); o international protection applicant card (pulang card), magiging valid o may bisa pa rin ba ang mga ito kung sakaling mag-expire sa panahon ng state of alarm?**

Oo. Ang bisa o validity ng anuman sa mga dokumentong ito ay pinahaba sa panahong ito.

- 05.** **Kung ako ay may mga accredited document na nagpapahayag na bukas sa aking kalooban na mag-apply ng international protection; o resibo (o katunayan) ng application sa international protection (puting resibo); o international protection applicant card (pulang card), magiging valid o may bisa pa rin ba ang mga ito kung sakaling mag-expire bago ang panahon ng state of alarm?**
- Ang bisa o validity ng anuman sa mga dokumentong ito ay pinahaba sa panahon ng state of alarm hangga't mayroong appointment upang ma-renew ito sa panahon ng state of alarm.
- 06.** **Ano ang dapat kong gawin kung mayroon akong appointment para sa ikalawang interview sa Subdirección General de Protección Internacional/Oficina de Asilo y Refugio sa panahong ito na di-pangkaraniwan?**
- Kanselado ang lahat ng appointment. Hindi kailangan gumawa ng anumang hakbang sa bagay na ito. Kapag naging normal na ang sitwasyon, ang Oficina de Asilo y Refugio ay makikipag-ugnayan upang muling itatagapang ang mga appointment sa lahat ng mga aplikante na ang appointment ay nakansela.
- 07.** **Sa panahon ng state of alarm, tuloy ba ang proseso ng aking application ng international protection at paghingi ng pagkilala sa katayuan na stateless?**
- Oo. Ang Oficina de Asilo y Refugio ay patuloy na nagtatrabaho sa paraang di-presensyal. Hindi mo kailangang gumawa ng anumang karagdagang mga gawaing papel.
- 08.** **Maaari ba akong magpasa ng dokumentasyon o supporting papers sa aking file?**
- Kung kailangan mong magpasa ng anumang uri ng dokumentasyon o supporting papers sa isang application, maaari mong gawin ito sa pamamagitan lamang ng registro electronico.
- 09.** **Saan ako makakagawa ng mga tiyak na konsultasyon?**
- Maari kang makipag-ugnayan sa mga kasalukuyang tanggapan, pati na rin sa pamamagitan ng oar@interior.es. Sa email address na ito, hindi sasagutin ang mga pag-aalinlangan tungkol sa cita previa o appointment para sa mga proseso na isinasagawa ng Policia Nacional.
- 10.** **Maaari ba akong magtrabaho kung habang nasa state of alarm lumipass ang anim na buwan mula nang ginawa ko ang aking application para sa international protection?**
- Kung lumipas ang anim na buwan habang nasa state of alarm mula noong pormal na inihain mo ang iyong application para sa international protection at samakatuwid, mula noong ibinigay sa iyo ang resibo o resguardo (kulay puti) ng pagpasa ng kahilingan, kinikilala ng resibo/resguardo ang iyong karapatan na magtrabaho. Ang pagkilala na ito ay may bisa hangga't hindi ka pa binibigyan ng impormasyon hinggil sa kinalabasan ng iyong application.

11.

Kung hindi ko maaaring irehistro ang pagpapahayag ng kagustuhan ko na mag-apply ng international protection, paano ako magkakaroon ng access sa mga tulong sa pagtanggap.

Ang mga taong nais na humiling ng access sa mga tulong sa pagtanggap ngunit hindi posible sa oras na ito na gawin ang pagpapahayag ng kagustuhan para magkaroon ng international protection, ay maaaring humiling ng impormasyon tungkol sa Red Cross Social Care Program para sa mga taong humihiling ng International Protection sa pamamagitan ng pagsulat sa Info.acogidaasilobcn@creuroja.org

Para sa mga partikular na katanungan tungkol sa mga kasalukuyang pamamaraan para mag-apply ng International Protection o pagkilala sa kawalan ng estado (stateless status), maaaring gamitin ang sumusunod na email address: oar@interior.es Mangyaring tandaan na HINDI malulutas ang mga katanungan tungkol sa scheduled appointment para sa pagsasaayos ng mga dokumento sa Policia Nacional, gayundin ang pormalisasyon ng aplikasyon o renewal ng dokumentasyon gamit ang email address na ito.

Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan sa:

Orientation and Accompaniment Services for Immigrant People – SOAPI

→ [+ info](#)

Ciutat Vella

608 746 150

acollida1@bcn.cat

Eixample

663 074 852

acollida2@bcn.cat

Sants-Montjuïc

625 177 743

acollida3@bcn.cat

Les Corts

663 074 852

acollida2@bcn.cat

Sarrià-Sant Gervasi

625 177 743

acollida3@bcn.cat

Gràcia

625 177 748

acollida6@bcn.cat

Horta-Guinardó

663 137 738

acollida4@bcn.cat

Nou Barris

676 105 222

acollida7@bcn.cat

Sant Andreu

633 334 258

acollida8@bcn.cat

Sant Martí

648 191 666

acollida5@bcn.cat

Suport SOAPI


695 152 724

suportsoapi@bcn.cat

Ang SOAPI ay isang serbisyo ng Ajuntament de Barcelona na may kinalalaman sa pagtanggap at pagsama sa mga imigrantes. Nagbibigay ito ng impormasyon, gabay, suporta at payo tungkol sa kaalaman sa kapaligiran, pagrehistro, pagkakaroon ng health card, pag-aaral ng wika, mga proseso ng imigrasyon, karapatan at tungkulin, kapisanan, paglilibang at kultura at iba pang mga bagay.

Mga iba pang serbisyo ng Ajuntament de Barcelona:

- Servei d'Atenció als Immigrants, Emigrants i Refugiats (SAIER).
[+info](#)
- Acompanyament al Reagrupament familiar. Programa Municipal Noves Famílies a Barcelona
[+ info](#)
- Punt d'Informació d'Arrelament (PIA).
[+ info](#)



Mga madalas na katanungan tungkol sa mga application para sa Extranjería sa panahon ng State of Alarm dahil sa COVID-19 na may kaugnayan sa pangatlong karagdagang probisyon tungkol sa pagsuspende ng limitasyon sa oras ng administrasyon.



Mga madalas na katanungan tungkol sa mga application para sa Extranjería sa panahon ng State of Alarm dahil sa COVID-19 na may kaugnayan sa pangatlong karagdagang probisyon tungkol sa pagsuspende ng limitasyon sa oras ng administrasyon.

Ayon sa impormasyon mula sa Dirección General de Migraciones tungkol sa saklaw ng REAL DECRETO 463/2020, IKA-14 NG MARSO.

→ [Basahin ang komunikasyon dito](#)

Ang sitwasyon ng state of alarm dahil sa COVID-19 ay nagiging isang hadlang sa pag-aayos ng mga dokumentong pansarili at humantong sa mga pagbabago sa proseso na isinasagawa sa Oficina de Extranjería. Ang Servei d'Orientació i Acompanyament per a Persones Immigrades – SOAPI mula sa Direcció de Serveis d'Immigració i Refugi del Ajuntament de Barcelona ay gumawa ng buod ng mga komunikasyon mula Oficina de Extranjería para sa panahong ito.

01.

Paano kung mayroon akong appointment sa tanggapan ng extranjería pagkatapos ng ika-14 ng Marso at habang patuloy na nasa state of alarm?

Ang mga tanggapan ng extranjería ay sarado sa publiko at suspendido ang lahat ng personalized service. Lahat ng mga appointment na nakatakda sa panahon ng state of alarm ay kanselado. Sa mga kaso na may appointment at posible na magsumite ng application sa paraang elektronik, ang Oficina de Extranjeria ng lalawigan ng Barcelona ay magpapadala ng isang email na nagbibigay impormasyon at nagpapaliwanag sa mga hakbang na dapat sundin upang gawin ang kanilang kahilingan.

02.

Paano ko malalaman kung ano na ang estado ng aking application?

Pumunta sa webpage ng Sede Electrónica de la Secretaria de Estado de Administraciones Públicas at isulat ang mga impormasyon na ipinahihiwatig [dito](#).

03.

Paano kung nagpasa ako ng application (initial at renewal) bago ang ika-14 ng Marso?

- Kung ang resolusyon ay favorable, maglalabas ang Administration ng kaukulang pahintulot
- Kung ang resolusyon ay hindi favorable, ang application ay magiging paralisado. Kung ang application ay denegada o archivada, ang mga pagkakataon para magbigay ng mga apela ay ipinagpapaliban hanggang sa itaas ang state of alarm

04.

Maaari ba akong magpasa ng application form (initial o renewal), pagkatapos ng ika-14 ng Marso, sa panahon ng state of alarm?

Oo, tatanggapin at ipoproseso ito, ngunit maaari mo lamang itong ipasa sa pormang elektroniko gamit ang iyong sariling o ibang tao na may certificado digital.

Unang application [dito](#).
Renewal [dito](#).

05.

Paano kung nagpasa ako ng application (initial o renewal) pagkatapos ng ika-14 ng Marso at ang Administrasyon ay humingi sa akin ng karagdagang dokumento o proceso?

- Kung maaari mo itong ipasa sa pamamagitan ng email o paraang elektroniko, tuloy ang takbo ng proceso.
- Kung hindi mo ito maipapasa gamit ang email o paraang elektroniko, ang pagpasa sa takdang oras ay isususpende at ito ay maipagpapatuloy sa sandaling natapos na ang state of alarm.

Sa anumang kaso, kung sa anuman kadahilanan at kinakailangan na pumunta ka ng personal, ang proseso ay ititigil hanggang matapos ang state of alarm.

06.

Paano kung may mga dokumento akong ipapasa sa anumang proseso ng extranjería at ang mga ito ay mag-expire sa panahon ng state of alarm?

Tatanggapin ng tanggapan ng extranjería at ng Policia Nacional ang mga dokumento na ang bisa o validity ay nag-expire sa panahon ng state of alarm.

07.

Nananatili ba ang mga deadline para mag-file ng isang apelang administratibo sa harap ng isang resolusyon ng isang proseso ng extranjería?

Ang mga deadline o takdang oras para mag-file ng mga apelang administratibo ay suspendido sa panahon ng state of alarm.

08.

Kung ang aking visa (tourist, student, volunteer) ay mag-expire sa panahon ng state of alarm at hindi ako pwedeng umuwi sa aking bansa, ang sitwasyon ko ba ay irregular?

Ang expiration date ng mga visa ay suspendido para sa lahat ng mga dayuhan na, dahil sa sitwasyon na health emergency of international concern, ay hindi makakabalik sa kanilang bansa. Habang ang sitwasyon sa Espanya ay nasa state of alarm at hangga't ang iyong bansa ay hindi nagpapahintulot ng pagdating ng mga taong nanggaling sa Espanya, ang visa ay itinuturing na may bisa o valid.



Sa kabilang banda, ang pagproseso ng mga usapin tungkol sa extranjeria na ginagawa ng Generalitat ay suspendido rin. Mula noong ika-14 ng Marso, ang lahat ng mga nabanggit na proseso ay pansamantalang itinigil. Ipagpapatuloy ang lahat kapag natapos na ang state of alarm.

Sa pagkakataong eksepsiyonal, sa kaso ng mga pahintulot sa trabaho para sa

mga tauhan sa kalusugan, ang Generalitat ay nagbukas ng isang kontakto para sa mga dayuhan (Access [Here](#)) upang sagutin ang mga katanungan at mga tanong at pabilisin ang kanilang pagproseso.

Mahalaga: Sa seksyon ng *Assumpte* ng form, dapat mong ilagay:” CONSULTA PERSONAL SANITARI. “

Gayundin, sa harap ng pangyayari na naging resulta ng ebolusyon ng COVID-19 coronavirus, ang mga serbisyo ng atensyon sa publiko para sa pagbibigay ng dokumentasyon para sa mga dayuhan, na responsibilidad ng Direcció General de Policia, ay ititigil. Ang mga appointment na naka-reserba ay kanselado at ang serbisyo para sa pag-iskedyul ng mga bagong appointment ay pansamantalang suspendido. [+ info](#)

Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan sa:

Orientation and Accompaniment Services for Immigrant People – SOAPI

→ [+ info](#)

Ciutat Vella

608 746 150
acollida1@bcn.cat

Les Corts

663 074 852
acollida2@bcn.cat

Horta-Guinardó

663 137 738
acollida4@bcn.cat

Sant Martí

648 191 666
acollida5@bcn.cat

Eixample

663 074 852
acollida2@bcn.cat

Sarrià-Sant Gervasi

625 177 743
acollida3@bcn.cat

Nou Barris

676 105 222
acollida7@bcn.cat

Suport SOAPI

695 152 724
suportsoapi@bcn.cat

Sants-Montjuïc

625 177 743
acollida3@bcn.cat

Gràcia

625 177 748
acollida6@bcn.cat


Sant Andreu

633 334 258
acollida8@bcn.cat

Ang SOAPI ay isang serbisyo ng Ajuntament de Barcelona na may kinalalaman sa pagtanggap at pagsama sa mga imigrantes. Nagbibigay ito ng impormasyon, gabay, suporta at payo tungkol sa kaalaman sa kapaligiran, pagrehistro, pagkakaroon ng health card, pag-aaral ng wika, mga proseso ng imigrasyon, karapatan at tungkulin, kapisanan, paglilibang at kultura at iba pang mga bagay.

Mga iba pang serbisyo ng Ajuntament de Barcelona:

- Servei d’Atenció als Immigrants, Emigrants i Refugiats (SAIER).
[+info](#)
- Acompanyament al Reagrupament familiar. Programa Municipal Noves Famílies a Barcelona
[+ info](#)
- Punt d’Informació d’Arrelament (PIA).
[+ info](#)



Mga madalas na katanungan tungkol sa application para sa Informes de Extranjeria na galing sa Generalitat de Catalunya sa panahon ng State of Alarm dahil sa COVID-19



Mga madalas na katanungan tungkol sa application para sa Informes de Extranjeria na galing sa Generalitat de Catalunya sa panahon ng State of Alarm dahil sa COVID-19

Mula sa Comunicat de la Secretaria d'Igualtat, Migracions i Ciutadania tungkol sa epekto ng state of alarm sa mga informes de extranjeria sa ilalim ng Generalita de Catalunya noong ika-19 ng Marso

[→ Basahin ang komunikasyon dito](#)

Ang sitwasyon ng state of alarm dahil sa COVID 19 ay naging hadlang sa pag-sasaayos ng mga dokumentong pansarili at humantong sa mga pagbabago sa mga informe na ginagawa ng Generalitat de Catalunya na ang mga informe na ito ay kinakailangan para sa ilang mga proseso ng extranjeria. Ang Servicio de Orientación y Acompañamiento para Personas Inmigradas (SOAPI) (SOAPI) ay gumawa ng isang buod ng mga komunikasyon ng Generalitat sa panahong ito.

Ang dokumento na ito ay tumutukoy sa mga sumusunod na informe:

- INF01** Informe para sa Adecuación de Vivienda para la Reagrupación Familiar.
- INF02** Informe de Arraigo Social en Catalunya.
- INF03** Informe de Integración Social (para sa pansamantalang renewal kung sakaling hindi matugunan ang lahat ng mga kinakailangan)
- INF04** Adecuación de Vivienda para la Renovación de residencia por reagrupación familiar en caso de cambio de domicilio.

- 01. Maari bang magpasa ng application para sa informe pagkatapos ng ika-14 ng Marso, sa panahon ng state of alarm?**
- Hindi. Sa ngayon hindi tumatanggap ng bagong application hanggang sa magagana ang pagproseso sa paraang telematika.
- Sa kaso ng informe de arraigo, maaaring gawin ang application gamit ang certificado digital para sa electronic registration. Kung ang taong may certificado digital ay hindi ang aplikante, ang aplikante ay dapat pumirma ng [isang pahintulot ng representasyon](#).
- 02. Paano kung nagpasa ako ng application bago ang ika-14 ng Marso at wala pa ring sagot o informe?**
- Sa ngayon suspendido ang pagproseso at ang mga deadline. Ipagpapatuloy ito kapag natapos na ang state of alarm o mas maaga kung maisasaayos ang pagproseso sa paraang telematika.
- Sa kaso ng informes de arraigo social, ang pagproseso gamit ang paraang telematika ay gumagana na. Ang lahat ng mga application na ipinasa bago ang ika-14 ng Marso ay kasalukuyang ginagawa o maaaring tapos na.
- 03. Paano kung ang aking application form ay inilabas bago ang ika-14 ng Marso, nakatanggap ako ng SMS ngunit wala sa akin ang informe?**
- Suspendido ang expiration date ng mga informe na ito (ang expiration ay 3 buwan mula nang itong ibigay) at magsisimula ang bilang mula sa oras na nakatanggap ka abiso na natapos na ang state of alarm.
- Sa kaso ng informe de arraigo o integración social, maaari ring makipag-ugnayan sa serbisyo na kung saan ginawa ang pakikipanayam o interview upang humiling ng higit pang impormasyon tungkol sa katayuan ng pagsasaayos ng informe.
- 04. Paano kung mayroon na akong informe para sa proseso ng extranjería na hindi ko pa nasisimulan o kasalukuyang nasa proseso sa panahon ng state of alarm, mag-expire ba ang informe?**
- Maaari mo na itong ipasa dahil ang lahat ng informe ay hindi mag-eexpire sa panahon ng state of alarm.
- 05. Ano ang mangyayari kung hilingin sa akin na magpasa sa paraang telemática ng informe na hiniling ko na ngunit hindi pa rin naibibigay?**
- Ang rekomendasyon ay ipadala ang application form ng solicitud del informe bilang pansamantalang kapalit ng informe definitivo, bagaman hindi obligatorio ang pagpasa nito habang nasa panahon ng state of alarm.

06.

Saan ako makakakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga informes de extranjería na inisyu ng Generalitat de Catalunya?

Maari kang makipag-ugnayan sa Servicio “Info-Migració” de la Secretaria d’Igualtat, Migracions i Ciutadania de la Generalitat de Catalunya na patuloy na bukas ang kanilang atensyon telefónica sa mga sumusunod na linya 93 270 12 30; 93 270 16 78 at 93 270 20 78 (mula 9 hanggang 17h, Lunes hanggang Biyernes) at paraang telemática sa pamamagitan ng email infomigracio@gencat.cat

Kaugnay sa pag-aayos ng informe de arraigo social, maaari ka ring makipag-ugnayan sa Punt d’Informació d’Arrelament sa pamamagitan ng email na pia@bcn.cat o sa pagtawag sa telepono 93 25 6 44 76/78/79.

Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan sa:

Orientation and Accompaniment Services for Immigrant People – SOAPI

→ [+ info](#)

Ciutat Vella

608 746 150

acollida1@bcn.cat

Eixample

663 074 852

acollida2@bcn.cat

Sants-Montjuïc

625 177 743

acollida3@bcn.cat

Les Corts

663 074 852

acollida2@bcn.cat

Sarrià-Sant Gervasi

625 177 743

acollida3@bcn.cat

Gràcia

625 177 748

acollida6@bcn.cat

Horta-Guinardó

663 137 738

acollida4@bcn.cat

Nou Barris

676 105 222

acollida7@bcn.cat

Sant Andreu

633 334 258

acollida8@bcn.cat

Sant Martí

648 191 666

acollida5@bcn.cat

Suport SOAPI

695 152 724

suportsoapi@bcn.cat

Ang SOAPI ay isang serbisyo ng Ajuntament de Barcelona na may kinalalaman sa pagtanggap at pagsama sa mga imigrantes. Nagbibigay ito ng impormasyon, gabay, suporta at payo tungkol sa kaalaman sa kapaligiran, pagrehistro, pagkakaroon ng health card, pag-aaral ng wika, mga proseso ng imigrasyon, karapatan at tungkulin, kapisanan, paglilibang at kultura at iba pang mga bagay.

Mga iba pang serbisyo ng Ajuntament de Barcelona:

- Servei d'Atenció als Immigrants, Emigrants i Refugiats (SAIER).
[+info](#)
- Acompanyament al Reagrupament familiar. Programa Municipal Noves Famílies a Barcelona
[+ info](#)
- Punt d'Informació d'Arrelament (PIA).
[+ info](#)